



Ang layunin ng Canadian Diabetes Association para sa Diabetes Charter ng Canada ay bansa akung saan ang mga tao na may dyabetis ay mamuhay na mayroong kani-kaniyang buong potensiyal. Ang gumagabay na prinsipyo ng Canadian Diabetes Association sa pagpapaulad ng Charter na ito ay:

- Tiyakin na ang mga tao na namumuhay nang may dyabetis ay ginagamot na may dignidad at respeto.
- Itaguyod ang karampatang access sa mataas na kalidad ng pangangalaga sa dyabetis at suporta.
- Paghusayin ang kalusugan at kalidad ng buhay ng mga na nabubuhay na may dyabetis at ang kanilang mga tapag-alaga.

Ang mga Taga-Canada na nabubuhay na may Dyabetis* Ay may Karapatan na:

- Gamutin na may respeto, dignidad at maging malaya mula sa pagdungis sa karangalan at diskriminasyon.
- Abot-kaya at nasa oras na pagkuha ng may risetang gamot, aparato, supply at mataas na kalidad ng pangangalaga, gayundin ang abot-kaya at sapat na makukunan ng malulusog na pagkain at libangan, walang kinalaman ang kanilang kita o kung saan sila nakatira.
- Nasa tamang oras na dyagnosis kasunod ng edukasyon at payo mula sa interpersonal na grupo na maaaring kasama ang pangunahing tagapangalaga, guro sa dyabetis, nars, parmasyotiko, sitolohiko, at iba pang espesyalista.
- Suporta sa emosyonal at mental na kalusugan, gayundin ang suporta para sa kanilang mga tagapangalaga kung kinakailangan.
- Maging aktibong kasosyo sa pagdedesisyon kasama ang kanilang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan.
- Pagkakaroon ng access sa kanilang medikal na record at iba pang impormasyon sa kalusugan kung hinihingi at madali itong maunawaan.
- Impormasyon sa dyabetis, edukasyon at pangangalaga na naglalaman ng edadm kultura, relihiyon, personal na mga kahilingan, wika at pag-aaral ng isang tao.
- Laging sinusuri ang kalusugan ng kanilang mga mata, paa, bato, pagkontrol sa asukal sa dugo, mga salik sa peligro kaugnay ng daluyan ng dugo at puso at pangkaisipan katulad ng inirerekomenda ng kasalukuyang mga tagubilin sa klinikal na pagsasanay.
- Abot-kayang pagkakaroon ng sakop sa seguro.
- Ganap na pakikibahagi sa daycare, pre-school, paaralan at ekstrakurikular na mga aktibidad, na tumatanggap ng makatwirang akomodasyon at tulong kung kinakailangan.
- Matulunging lugar ng trabaho na walang diskriminasyon at nagbibigay ng makatwirang akomodasyon kung kinakailangan.
- Angkop at tuloy-tuloy na transisyunal na pangangalaga na nagpapahalaga sa paglala ng sakit.

* at sa kanilang impormal na tagapag-alaga kung naaangkop

Ang mga Taga-Canada na Nabubuhay na May Dyabetes Ay may Responsibilidad na:

- Pangasiwaan ang sarili sa abot ng kanilang kakayahan at personal na mga pagkakataon, kabilang ang diyeta sa kalusugan, pag-eehersisyo, pagsunod sa mga plano sa pangangalaga at pagdating sa mga appointment.
- Maging tapat at bukas sa mga tagapagbigay ng pangangalaga tungkol sa kanilang kasalukuyang estado sa kalusugan upang makagaawa ng pinaka-angkop na pagpapalano sa kalusugan.
- Aktibong kumuha ng edukasyon, impormasyon at suporta upang mabuhay ng maayos na may dyabetis.
- Igalang ang mga karapatan ng ibang tao na may dyabetis at mga tagapag-bigay ng pangangalaga sa kalusugan.

Ang Pamahalaan ay May Responsibilidad na:

- Bumuo ng komprehensibang mga patakaran at plano para sa pagpigil, dyagnosis at paggagamot ng dyabetis at sa mga komplikasyon nito.
- Mangalap ng data sa suliranin sa dyabetis, tulad ng mga gastos at komplikasyon, at para suriin palagi ang pagpapaunlad na isinasagawa.
- Tiyakin ang patas na access sa pangangalaga sa dyabetis, edukasyon, may risetang mga gamot, aparato, at supply sa lahat ng mga Taga-Canada, anuman ang kanilang kita o kung saan sila nakatira.
- Tugunan ang pambihirang pangangailangan at pagkakaiba sa pangangalaga at kinalabasan ng mahinang populasyon na nakakaranas ng mataas na antas ng dyabetis at komplikasyon at makabuluhang hadlang sa pangangalaga at suporta sa dyabetis.
- Ipatupad ang mga patakaran at regulasyon upang suportahan ang mga paaralan at lugar ng trabaho sa pagbibigay ng makatwirang akomodasyon sa mga tao na may dyabetis sa kanilang sariling pangangalaga.

Ang mga Tagapangalaga sa Kalusugan ay may Karapatan sa:

- Isinasagawang pagsasanay, pagpopondo at mga kagamitan na kailangan upang magbigay ng mataas na kalidad ng pangangalaga sa dyabetis.
- Magtrabaho kasama ang mahusay na pinag-ugnay na grupo, sa parehong lugar man o virtual kung saan ang suporta mula sa mga espesyalista na nagbibigay ng pangangalaga sa dyabetis ay maaaring makuha sa naaangkop na oras.

Ang mga Tagapangalaga sa Kalusugan ay may Responsibilidad na:

- Ituring ang mga tao na may dyabetis bilang ganap na kasosyo sa kanilang sariling pangangalaga.
- Matuto at ilapat ang napapanahong bagay sa klinikal na pagsasanay bagay sa ebidensiya kapag nangangalaga sa mga tao na may dyabetis.
- Gamutin ang mga tao na nabubuhay na may dyabetis sa lalong madaling panahon.
- Tulungan ang mga tao na may diyabetis at tingnan ng kanilang mga tagapangalaga ang sistema sa pangangalaga sa kalusugan.

Ang mga Paaralan, Pre-school, at Daycare ay May Responsibilidad na:

- Tiyakin na ang mga tauhan at kasamahan ng bata ay may wastong impormasyon tungkol sa dyabetis, magbigay ng ligtas na kapaligiran para sa sariling pangangalaga sa dyabetis at protektahan ang mga bata na may dyabetis mula sa diskriminasyon.

Ang mga Lugar ng Trabaho ay May Responsibilidad na:

- Lumikha ng kapaligiran kung saan maaabot ng mga tao ang kanilang buong kakayahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng akomodasyon at pagtatanggal ng diskriminasyon laban sa mga taong may dyabetis.

Ang Canadian Diabetes Association ay May Responsibilidad na:

- Mahigpit na isulong ang karapatan ng mga tao na nabubuhay na may dyabetis sa ngalan ng komunidad ng dyabetis sa Canada.
- Pataasin ang pampublikong kamalayan tungkol sa dyabetis.
- Magtrabaho para tiyakin ang kawastuhan ng impormasyon tungkol sa dyabetis sa pampublikong domain.
- Pakikipagsosyo sa mga mananaliksik para paghusayin ang pagpapalano, probisyon at kalidad sa pangangalaga sa dyabetis sa pamamagitan ng pagsusulong at paggamit sa pananaliksik.
- Isulong ang karampatang access sa pangangalaga sa dyabetis, edukasyon, medikasyon, aparato at supply.